# PAGSULAT NG BALANGKAS

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang makabubuo/nakasusulat ka ng balangkas sa anyong pa-paksa o pangungusap (topical or sentence outline)



## Pagbalik-aralan Mo

**Bago mo pag-aralan ang pagsulat ng balangkas, balikan mo muna ang pagtukoy sa pangunahing diwa ng talata. Basahin mong mabuti ang mga ito. Isulat sa sagutang kuwaderno ang pangunahing diwa ng bawat talata.**

**Gawain 1**

**Edukasyon**

Ang edukasyon ay isang proseso ng pagkatuto. Nagbibigay ito ng pagkakataon para sa magandang kinabukasan. Uunlad ang ating bansa kapag ang mamamayan ay mayaman sa kaalaman. Mapapaunlad niya ang sarili upang makatulong sa iba. Ang edukasyon ang tanging makapagpapaunlad ng ating teknolohiya at kabuhayan ng bansa.

Alin ang pangunahing diwa ng talata?

______ 1. Ang edukasyon ay kailangan sa pagkakaroon ng magandang bukas.

______ 2. Ang bukas ay isang edukasyon.

______ 3. Ang edukasyon ay makatutulong sa pag-unlad ng sarili upang tumulong sa iba.

______ 4. Maraming teknolohiya ang Pilipinas.

______ 5. Mahirap ang kalagayan ng pag-unlad sa taong 2000.

## Gawain 2

**Kapaligiran**

Malimit na pagmulan ng sakit ang maruming kapaligiran. Ang kanal na pinagbabahayan ng mga lamok ay di-pansin ng mga taga-nayon. Sa ilang mga liblib na pook ay kulang pa rin sa palikuran.

Ang pagwawalang-bahala ng mga mamamayan sa nayon, bayan, probinsya at maging sa siyudad ay patuloy na magdudulot ng suliranin. Lumingon ka at naroon ang polusyon.

Bakit hindi tayo magsama-sama? Hihintayin pa ba nating dumami ang magkakasakit? Kumilos ang lahat at linisin ang kapaligiran!

Piliin ang pangunahing diwa sa talata. Isulat ang tamang sagot sa sagutang kuwaderno.

_____ 1. Ang kapaligiran ay pinagmumulan ng sakit.

_____ 2. Patuloy ang pagkakaroon ng laro.

_____ 3. Nagwawalang-bahala ang ibang mamamayan ng bansa ukol sa kapaligiran.

_____ 4. Magtulungan upang magkaroon ng malinis na kapaligiran.

_____ 5. Kalimutan ang pagiging malinis.

## Gawain 3

Hindi sapat na mabuhay lamang tayo para sa sarili. Kailangan din nating mahalin ang kapwa at ang ating bayan. At ang higit nating pakamahalin ay ang Poong Lumikha sa atin.

Alin ang pangunahing diwa sa talata?

A. Mahalin lamang ang kapwa.
B. Mahalin ang sarili, kapwa, bayan at poong Maykapal.
C. Tama na ang mabuhay sa mundo.
D. Mawala na ang lahat sa mundo.

**Gawain 4**

Alin ang pangunahing diwa sa talata?

> Maraming mga pulitiko ang nangangako sa mga mamamayan. Karamihan sa kanilang pangako ay di natutupad. Binigyan ang mamamayan ng karapatang bumoto. Piliin ang tapat na pinuno. Isang pinuno na nakikita ang kailangan ng mahihirap.


A. Karamihan sa mga pulitiko ay nangangako at di natutupad ang kanilang pangako.

B. Tayo’y may karapatang pumili ng pinuno.

C. Kailangan ang pinunong makasarili.

D. Mabuti ang mangako kaysa sa wala.

Natutuhan mo na nga ang pagtukoy sa pangunahing diwa ng isang talata. Madali ka na ngayong makabubuo ng balangkas. Maaari mo nang simulan ang bahaging “Pag-aralan Mo.”



## Pag-aralan Mo

**Basahin ang talambuhay ni Pangulong Diosdado P. Macapagal.**

> *Mabuting serbisyo sa bayan ay ibinigay,*
> *Noong matamo inaasam na kalayaan,*
> *Talambuhay niya’y dapat pag-aralan.*
> *Upang maging gabay nating kabataan.*

**Diosdado P. Macapagal: Ang Dakilang Ama ng Bayan**



Narinig na ba ninyo ang pangalan ko? Marahil nais ninyong malaman ang aking makulay na talambuhay. Maging inspirasyon sana sa mga kabataan ang aking karanasan.

Diosdado Pangan Macapagal ang tunay kong pangalan. Isinilang ako noong ika-28 ng Setyembre 1910 sa nayon ng San Nicolas, Lubao, Pampanga. Galing ako sa maralitang angkan. Sina Urbano Macapagal at Romana Pangan ang aking mga magulang. Ang aking ama ay isang manunulat ng mga dulang pantanghalan sa wikang Kapampangan na walang palagiang kita. Ang aking ina ay galing din sa mahirap na pamilya. Hindi siya marunong bumasa't sumulat. Kumikita siya paminsan-minsan sa paglalabada.

Nagtaguyod ako ng mga proyekto tulad ng North Diversion Road at South Expressway, pabahay para sa mga sundalo at kawani ng pamahalaan at ang pagtatatag ng Philippine Veterans Bank.

Sumulat din ako ng mga aklat. Ilan sa mga ito ang: Democracy in the Philippines noong 1976; Memoirs of a President, A New Constitution for the Philippines at Land Reform in the Philippines.

Sa aking ginawang mga batas at proyekto, binigyang pansin ko ang kapakanan ng karaniwang tao, kaya't binansagan akong "Kampeon ng Masa." Nahirang din akong isa sa "Sampung Natatanging Mambabatas" mula 1949-1957. Tinagurian akong "The Best Lawmaker" mula 1954-1957.

Napatunayan ko sa aking buhay, na hindi hadlang ang kahirapan sa pagkakamit ng tagumpay. Kailangan natin ang maalab na hangaring umunlad.

Ang naranasan kong pagsala sa pagkain, pangingisda sa gabi at araw na walang pasok at iba pang kahirapan ang nagtulak sa akin upang marating ang tagumpay. Hindi ko akalain na ang isang mahirap na batang tulad ko ay maging Pangulo ng Bansang Pilipinas.


Sanggunian:

1. Lazaro, Isagani L. Mga Dakilang Lider na Pilipino. Binagong Edisyon Metro Manila, National Book Store, Inc. 1994, pp. 78-93
2. The Inquirer – Sunday – April 28, 1997
3. Balita – Lunes, Abril 29, 1997


Matapos mong basahin ang seleksiyon tungkol kay Diosdado P. Macapagal ay sagutin mo ang mga tanong sa ibaba.

## A. Pag-unawa sa Binasa

1. Sino ang ama at ina ni Diosdado P. Macapagal?
2. Anu-anong hirap ang pinagdaanan ng dating pangulo?
3. Bakit dapat pag-aralan ang talambuhay ni Pangulong Macapagal?
4. Ano ang kailangan upang umunlad ang iyong buhay?
5. Bakit hindi hadlang ang kahirapan sa pagkakamit ng tagumpay?
6. Anong magandang aral sa buhay ang matututuhan mo sa talambuhay ng Pangulong Macapagal?
7. Paano mo isasabuhay ang aral ng buhay ng Pangulong Macapagal?

## B. Paghahanda sa Pagsulat ng Balangkas

1. Ano ang pamagat ng akda?

2. Ilang pangunahing paksa mayroon ang seleksiyong iyong binasa?

3. Ano ang:

   Unang pangunahing paksa? ______________________________
   Ikalawang pangunahing paksa? ___________________________
   Ikatlong pangunahing paksa? _____________________________
   Ikaapat na pangunahing paksa? ___________________________

4. Anu-ano ang mga detalyeng sumusuporta sa:

   Unang pangunahing paksa? ______________________________
   Ikalawang pangunahing paksa? ___________________________
   Ikatlong pangunahing paksa? _____________________________
   Ikaapat na pangunahing paksa? ___________________________

Ganito ba ang iyong sagot sa bahaging B?

1. Diosdado Macapagal:  Ang Dakilang Ama ng Bayan

2. Maaaring hatiin sa apat ang paksa

3. a) ang kapanganakan at magulang ni Macapagal
   b) ang kanyang paglilingkod sa pamahalaan at mga nagawa
   c) ang kanyang mga naisulat na aklat karangalang natamo sa paglilingkod
   d) ang kanyang mga karangalang natamo

4. a) Ang petsa ng kanyang kapanganakan, lugar na sinilangan, ang kanyang pangalan, pinag-aralan at hanapbuhay ng mga magulang.
   b) Ang mga nagawa bilang kawani ng pamahalaan.
   c) Ang pamagat ng naisulat na mga aklat
   d) Ang mga karangalang natanggap

Ngayon gamitin mo ang mga kasagutan sa bilang 3 at 4 upang makabuo ng balangkas.

Halimbawa: I. Ang Kapanganakan at Magulang ni Macapagal

A. petsa at lugar
B. tungkol sa ama
C. tungkol sa ina

Ituloy: II. ________________________________________

A. ______________________
B. ______________________
C. ______________________

III. ________________________________________

A. ______________________
B. ______________________
C. ______________________

IV. ________________________________________

A. ______________________
B. ______________________

Ganito ba ang kinalabasan ng iyong balangkas.

I. Ang Kapanganakan at Magulang ni Macapagal

A. petsa at lugar
B. tungkol sa ama
C. tungkol sa ina

II. Ang Kaniyang Nagawa Bilang Kawani ng Pamahalaan

A.
B.
C.

III. Isinulat na aklat

A.
B.
C.

IV. Mga Karangalang Natamo

## Isaisip Mo

Ang **balangkas** ay binubuo ng mga pangunahing diwa ng talata, kwento o anumang seleksiyong binasa at ang mahahalagang detalyeng sumusuporta o lumilinang dito.

Ang balangkas ay maaaring isulat sa buong **pangungusap na balangkas** (sentence outline).

Maaari ring isulat ang balangkas sa anyong pa-paksa sa halip na mga pangungusap ang gamitin. Ito ay tinatawag ng **papaksang balangkas** (topic outline)

Ngayong alam mo na kung paano makabuo ng balangkas, maaari mo nang simulan ang mga gawain sa bahaging "Pagsanayan Mo"



## Pagsanayan Mo

**A. Gumawa ng balangkas tungkol sa iyong gawain sa bahay at paaralan. Hatiin ang iyong gawain sa tatlong pangunahing paksa.**

I. Mga Gawain Bago Pumasok sa Paaralan
II. Mga Gawain sa Paaralan
III. Mga Gawain Pagkagaling sa Paaralan

Itala ang mga detalye ng mga pangunahing gawain. Gumamit ng mga titik sa mga ito ayon sa pagkakasunud-sunod. Maging maingat sa paggamit ng maliit at malaking titik sa paggawa ng balangkas. Isulat nang maayos ang iyong balangkas sa kwadernong sagutan.

**B. Basahing mabuti ang sanaysay at gumawa ka ng pa-paksang balangkas o balangkas sa anyong pangungusap.**

### Tinig ng Kabataang Pilipino

Ang mga kabataan ay may pangarap sa buhay. Nais nilang ipakita ang tapat na pagmamahal sa bayan. Nais ng mga kabataan na ang nagpapatupad ng mga batas ng bansa ay mamamayang nagpapanatili ng katahimikan. Laging sinisiguro ang kapayapaan. Nais nila ang mga tapat na pinuno at mamamayang nagmamahal sa Diyos.

Pangarap ng mga kabataan ang pagkakaroon ng ligtas na kapaligiran. Kapaligirang may sariwang hangin, malinis na tubigan at matabang lupa. Isang magandang kapaligirang walang polusyon. Idagdag pa rito ang isang tahimik at maunlad na pamayanan.

Hangad rin ng mga kabataan na magkaroon ng tunay na edukasyon. Gabay nila ang edukasyon para sa kinabukasan. Ang kaalamang natamo sa


mga kursong kanilang pinili ay tulong sa kanila na makakuha ng trabaho na angkop sa tinapos na kurso. Karamihan sa kanila ngayon ay nasa kursong panteknolohiya.

Nagawa mo ba nang maayos ang balangkas? Magaling! Maaari mo nang subukin ang iyong kaalaman. Gawin ang mga ipinapagawa sa bahaging "Subukin Mo"

## Subukin Mo

**A. Basahin ang seleksiyon sa ibaba. Igawa mo ng balangkas sa anyong pangungusap ang seleksiyong iyong binasa.**

**Iligtas ang Mundo**




Paiba-iba ang lagay ng panahon. Sobrang init ang nararanasan ng tao kung tag-araw. Kung minsan naman mababalitaan na may bagyong darating gayong panahon naman ng tag-araw. Kung tag-ulan naman, bihirang umulan. Isinisisi ang pangyayaring ito sa sobrang kapabayaan ng tao sa kapaligiran.



Walang tigil ang tao sa pagtatapon ng basura sa ilog at iba pang anyong tubig. Dahil dito dumudumi ang tubig na nagiging sanhi ng pagkamatay ng mga isda at iba pang lamang-dagat. Idagdag pa rito ang pagkakaroon ng “red tide”.

Ano ang kakainin natin? Maging ang mga estero sa lungsod ay nagbabara. Kaunting ulan lamang ay bumabaha. Maging ang tubig na iniinom natin ay di na rin ligtas.



Maging ang hanging ating nilalanghap sa araw-araw ay marumi na rin. Masangsang ang amoy ng hanging nagmumula sa tabing-ilog at dalampasigan. Ang sobrang kapal at maitim na usok na nagmumula sa mga sasakyan ay nagpapahirap sa mga tao. Tulad din ng walang tigil na pagbuga ng usok ng mga pabrika na siyang nagpapadilim sa kalangitan. Dahil sa polusyon sa hangin, ang pagdumi ng kapaligiran ay hindi maitatanggi. Isa pang epekto nito ay ang paghina ng ating baga at iba pang sakit na dulot ng maruming hangin.



Ang mga kagubatan ay unti-unting nakakalbo. Walang ingat ang ginawang pagpuputol sa mga puno. Patuloy ang pagsasagawa ng sistemang kaingin. Patuloy ang pagsunog ng mga kainginero sa kagubatan. Ginagawa nila itong lupang mapagtataniman. Unti-unting gumuguho at nawawala ang matabang lupa. Dahil dito wala nang makapitan ang mga ugat ng puno. Ang mga ugat ng puno ang sumisipsip sa tubig sa kabundukan kapag umuulan. Napipigil nito ang pagguho ng lupa at pagbaha sa mababang lugar.



Dapat tayong makiisa sa pagpapanatiling malinis at luntian ng kapaligiran. Labanan ang polusyon sa tubig at hangin. Isipin ang mundo at ang kalagayan ng susunod na salinlahi. Iligtas natin ang ating kalikasan upang matamo ang pinapangarap na mundo sa hinaharap.

**"Iligtas ang Mundo"**

I. Pagpapalit-palit ng panahon

A. Sanhi - Sobrang kapabayaan ng tao sa kapaligiran.
B. Bunga- Sobra ang init ng tag-araw, bihirang ulan sa tag-ulan.

II. ______________________

A. ________________________________________
B. ________________________________________
C. ________________________________________

III. ______________________

A. ________________________________________
B. ________________________________________
C. ________________________________________

IV. ______________________

A. ________________________________________
B. ________________________________________

V. ______________________

A. ________________________________________
B. ________________________________________

## B. Basahin ang lathalain. Gumawa ng pa-paksang balangkas tungkol sa iyong binasa.

### Ang Relihiyong Islam

Kakaiba ang relihiyon ng mga Muslim. Ito ang pananampalatayang Islam. Ang Islam ay salitang Arabe na ang kahulugan ay kapayapaan. Sa nasabing pananampalataya, si Allah ang kinikilala nilang panginoon at si Muhammad ang kanilang propeta – ang sugo ni Allah.

Katulad ng mga Kristiyano, ang mga Muslim ay may tungkuling pangrelihiyon din. Ilan sa kanilang tungkulin ay ang pagdarasal ng limang beses maghapon nang nakaharap sa Mecca. Kung buwan naman ng Ramadan, nag-aayuno sila. Minsan sa maghapon lang sila kumain. Umiiwas

din sila sa pag-inom at pagsasalita ng masama. Idagdag pa rito ang pagbibigay ng sakat. Ang **sakat** ay ikasampung bahagi ng kanilang kita na inilalaan o iniaambag para sa nangangailangan.

Ayon sa mga pantas, naging matibay raw ang pundasyon ng relihiyong Islam dahil sa kanilang paniniwala. Naniniwala sila sa pagdating ng araw ng paghuhukom. Higit sa lahat, naniniwala sila na ang kakayahang gumawa ng mabuti o masama ay nagmumula sa kapangyarihan, kagustuhan , o kautusan ni Allah.

Maraming mga palagay sa pagdating at paglaganap ng relihiyong Islam sa ating bansa. Ayon sa mga iskolar, mga dayuhang mangangalakal na Arabe at Muslim ang naging dahilan ng paglaganap nito. Sinasabi namang ang mga dayuhang guro at tagapangaral ang nagpapalaganap ng pananampalatayang Islam. Ipinapalagay ring may kinalaman ang mga pinuno ng ating mga ninuno noon. Naniniwala kasi sila na ang pagsunod sa relihiyong Islam ay makapagpapanatili sa kanilag kapangyarihang pulitikal.

Magsulputan man ang iba't ibang sekta ng paniniwala sa bansa, hindi raw mabubuwag pa ang pananalig ng mga Muslim sa kinagisnang pananampalataya. Ayon nga sa magagaling na mananalaysay, hindi nasakop ng mga Espanyol ang mga Muslim dahil sa tatag ng kanilang pananampalataya.

**Ang Relihiyong Islam**

I. ______________________

A. ________________________________________

B. ________________________________________

II. ______________________

A. ________________________________________

B. ________________________________________

III. ______________________

A. ________________________________________


B. ________________________________________

C. ________________________________________

IV. ______________________

A. ________________________________________

B. ________________________________________



**Binabati kita at napagtagumpayan mo ang mga pagsasanay at pagsubok sa modyul na ito! Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.**